



Buod ng Patakaran sa Tulong na Pinansiyal

Ang Patakaran sa Tulong na Pinansiyal ng Maui Health System (Financial Assistance Policy, FAP) ay nagkakaloob ng tulong na pinansiyal para sa mga kuwalipikadong pasyente na nangangailangan ng tulong sa pagbabayad para sa emerhensiya o medikal na kailangan na pangangalagang ipinagkakaloob ng isang ospital ng Maui Health System. Ang mga pasyente ay maaaring mag-aplay para sa tulong na pinansiyal sa iba't ibang paraan kabilang ang personal, sa pamamagitan ng telepono, o pagkumpleto at pagsumite ng isang papel na aplikasyon. Ang mga pasyente ay dapat makatugon sa mga iniaatas sa pagiging karapat-dapat na nasa ibaba upang maging kuwalipikado.

Sino ang karapat-dapat para sa Tulong na Pinansiyal at ano ang mga kinakailangan?

Ang programa ay tumutulong sa maliit ang kita, walang seguro, o kulang sa paglilingkod na mga pasyente na nangangailangan ng tulong sa pagbabayad para sa lahat o bahagi ng kanilang pangangalagang medikal. Sa pangkalahatan, ang mga pasyente ay karapat-dapat para sa Tulong na Pinansiyal kapag ang kanilang Kabuuang Kita ng Sambahayan ay nasa o mas mababa kaysa 250% ng Pederal na mga Panuntunan sa Kahirapan (Federal Poverty Guidelines, FPG) o may di-pangkaraniwang mataas na mga gastos na medikal. Ang mga pasyente ay dapat makipag-usap sa isang Pinansiyal na Tagapayo upang malaman ang pagiging karapat-dapat at para sa tulong sa pag-aaplay.

Ang pasyenteng karapat-dapat para sa medikal na tulong na pinansiyal ay hindi sinisingil ng higit sa mga halagang pangkaraniwang sinisingil (amounts generally billed, AGB) para sa emerhensiya o ibang medikal na kailangan na pangangalaga. Tingnan ang mauihealthsystem.org/fap para sa impormasyon tungkol sa AGB.

Nagsusuri ba ang Maui Health System ng mga pasyente para sa pagiging karapat-dapat para sa pampubliko at pribadong programa?

Ang Maui Health System ay nagkakaloob sa mga pasyente ng tulong upang matukoy ang posibleng mga pampubliko at pribadong programa sa segurong pangkalusugan na maaaring makatulong sa mga pangangailangan sa pagkuha ng pangangalagang pangkalusugan. Ang isang pasyenteng ipinapalagay na karapat-dapat para sa anumang pampubliko o pribadong programa sa segurong pangkalusugan ay inaatasang mag-aplay para sa mga programang ito.

Ano ang sinasakop ng programa?

Ang programang pinansiyal na tulong ay sumasakop sa emerhensiya at medikal na kailangan na pangangalaga na ipinagkakaloob ng mga ospital ng Maui Health System, o mga doktor o tagapagkaloob ng pangangalaga na napapailalim sa FAP. Ang mga uri ng mga serbisyong hindi sakop ay kabilang ang mga serbisyong hindi itinuturing na emerhensiya o medikal na kailangan, mga serbisyong may kaugnayan sa ikatlong partidong pananagutan, o mga kasong kaugnay ng kabayaran sa

mga manggagawa. Mangyaring tingnan ang isang mas kumpletong listahan sa FAP.

Mayroon bang tulong na pangwika?

Ang mga interpreter o pasalitang tagapagsalin ng wika ay nakahandang tumulong sa inyo nang walang bayad. Ang aplikasyon para sa tulong na pinansiyal, patakaran, at buod ng patakarang ito ay maaaring makuha sa iyong wika. Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa 808-393-7060 o bisitahin ang aming website sa mauihealthsystem.org/fap.

Paano ako makakukuha ng kopya ng MHS FAP?

Maaari kang humiling ng iyong libreng kopya ng Maui Health System FAP sa pamamagitan ng pagtawag sa 808-565-8456, pagpapakoreo sa Maui Health System - Lana'i Community Hospital, Attention: Financial Counseling Services, P.O. Box 630650, Lanai City, HI 96763, o pagbisita sa aming website sa mauihealthsystem.org/fap.

Kailangan ng Tulong?

Para sa tulong o mga tanong tungkol sa proseso ng aplikasyon para sa tulong na pinansiyal, mangyaring tumawag sa 808-565-8456, o kausapin ang isang Pinansiyal na Tagapayo sa loob ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Paggamit ng Pasyente sa Maui Memorial Medical Center o Opisinang Panggawain sa Kula Hospital at Lana'i Community Hospital.

Paano ako dapat Mag-aplay?

Maaari kang mag-aplay para sa tulong na pinansiyal sa iba't ibang mga paraan -- sa pamamagitan ng paghiling ng impormasyon tungkol sa programa nang personal o sa pamamagitan ng telepono o paghiling ng isang papel na aplikasyon mula sa alinman sa mga sumusunod na pinagkukunan:

- Pinansiyal na Tagapayo sa loob ng Kagawaran ng mga Serbisyo sa Paggamit ng Pasyente sa Maui Memorial Medical Center o Opisinang Panggawain sa Kula Hospital at Lana'i Community Hospital.
- Tumawag sa 808-565-8456
- Sa pamamagitan ng koreo (nang walang bayad) sa Maui Health System - Lana'i Community Hospital, Attention: Financial Counseling Services, P.O. Box 630650, Lanai City, HI 96763

- Mag-download ng isang aplikasyon sa pamamagitan ng website ng Maui Health System sa mauihealthsystem.org/fap.

Mangyaring ibalik ang mga kinumpletong aplikasyon (kabilang ang lahat ng kinakailangang dokumentasyon at impormasyon na tinukoy sa mga tagubilin sa aplikasyon) sa alinmang ospital ng Maui Health System o ipakoreo ang aplikasyon sa: Maui Health System - Lana'i Community Hospital, Attention: Financial Counseling Services, P.O. Box 630650, Lanai City, HI 96763.

Susuriin ng Maui Health System ang mga isinumiteng aplikasyon kapag kumpleto na ang mga ito at pagpapasiyahan kung ikaw ay karapat-dapat alinsunod sa Maui Health System FAP. Ang mga hindi kumpletong aplikasyon ay maaaring magresulta sa pagkaantala sa pagproseso o pagtanggì sa iyong aplikasyon para sa tulong na pinansiyal, pero ang Maui Health System ay magbibigay ng paunawa sa mga aplikante at magkakaloob ng pagkakataon upang ipadala ang kulang na dokumentasyon o impormasyon, bago lumampas ang iniaatas na huling araw.